

AI: KAAGAPAY O BALAKID SA PAG-AARAL NG KABATAAN?

by:

Maureen T. Adan,

Teacher II, St. Francis National High School

Ang artificial intelligence (AI) ay tila isang biyayang dumating sa modernong panahon, lalo na sa larangan ng edukasyon. Sa isang pindot, makakahanap ang mga mag-aaral ng sagot sa kanilang mga tanong, makakabuo ng de-kalidad na research paper, o makakatanggap ng personalized na gabay mula sa mga AI-powered learning platforms. Subalit habang binibigyan ng AI ang mga estudyante ng mga makabagong kasangkapan para sa pagkatuto, may mga tanong kung ito ba'y nakatutulong nang buo o nagdudulot din ng negatibong epekto.

Hindi maitatangging binago ng AI ang paraan ng pag-aaral. Ang mga tool tulad ng ChatGPT, Grammarly, at iba pang automation software ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng mabilis at episyenteng paraan upang gawin ang kanilang mga takdang-aralin at proyekto. Sa ganitong kalagayan, ang dating nakakapagod na proseso ng pananaliksik o pagsusuri ay nagiging mas mabilis, na nag-iiwan ng mas maraming oras para sa iba pang gawain. Ngunit sa kabila nito, may agam-agam na ang sobrang pag-asa sa AI ay nagdudulot ng kawalan ng malalim na pag-unawa sa mga paksa.

Ang isa pang isyu ay ang integridad ng gawaing akademiko. Sa paggamit ng AI para sa mga automated na sagot o pagsusulat, unti-unting nawawala ang pagiging orihinal ng mga output ng mga mag-aaral. Hindi na nila lubos na pinaghihirapan ang pagsusuri at pagsusulat, at mas nagiging dependent sila sa teknolohiya. Ang mga guro rin ay nahihirapang matukoy kung alin ang gawa ng estudyante at alin ang resulta ng AI, na nagdudulot ng pag-aalinlangan sa sistema ng pagtatasa.

Gayunpaman, ang AI ay hindi kaaway kundi isang kasangkapan na dapat gamitin nang tama. Ang hamon ay kung paano ito magagamit ng mga mag-aaral nang hindi nasasakripisyo ang kritikal na pag-iisip at integridad. Dapat itong tingnan bilang tagapagturo, hindi kapalit ng tunay na pagsusumikap. Ang mga paaralan at guro ay dapat magbigay ng malinaw na patnubay kung paano gamitin ang AI nang may responsibilidad, at kailangan ding turuan ang mga mag-aaral na umasa sa kanilang sariling kakayahan.

Ang AI ay nananatiling makapangyarihang kasangkapan na maaaring magbukas ng maraming oportunidad para sa edukasyon. Ngunit tulad ng anumang teknolohiya, nasa tamang paggamit ang tunay na halaga nito. Kung magiging balanse ang paggamit nito at patuloy na isusulong ang pagiging malikhain at kritikal na pag-iisip, ang AI ay magiging tunay na kaagapay ng mga mag-aaral sa pag-abot ng kanilang pangarap. Ang hamon ngayon ay kung paano gagamitin ang teknolohiya nang hindi nalilimutan ang tunay na layunin ng edukasyon: ang hubugin ang mga estudyante upang maging malaya, mapanuri, at responsible.

References:

De Guzman, E. M., et al. (2025). Antas ng kahandaan, epekto at hamon ng artificial intelligence sa pagkatuto sa Filipino. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(1), 69-77. Retrieved from <https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I108.pdf>

Britannica, T. Editors of. Artificial intelligence. *Encyclopedia Britannica*. Retrieved from <https://www.britannica.com/technology/artificial-intelligence>